

**Presidential Communications Operations Office
Presidential News Desk**

**TALK TO THE PEOPLE OF PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE ON
CORONAVIRUS DISEASE 2019 (COVID-19)**

[28 July 2021]

PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE: Good evening, mga kababayan. In the course of governance, sometimes people are ignorant or keep asking where the money is? Ang ibig sabihin where the money is, where are the taxes that were collected by government and what use has it been put into.

Kaya dahan-dahanin na natin ito. Apparently it seems that 'yung iba hindi nila alam kung paano ginamit 'yung pera natin.

So that I invited 'yung first mismo the one with the superfluous achievement in parity with Secretary Villar. Inuna ko si Art Tugade and he will show us or he will run us through the achievement of his department until today.

Secretary Tugade, you have the floor and you have the slides if you want to use them kindly.

DOTR SECRETARY ARTHUR TUGADE: Maraming salamat po, Mr. President.

For the last five years and despite the pandemic, the Department of Transportation and its attached agencies have been relentless in achieving significant strides towards the improvement of the country's transport system.

Now it can be said that transformation has been initiated and implemented to improve and revolutionize our country's transport system.

Siguro mahalaga, Mr. President, at this moment, na maalala natin 'yung mga bagay at problema --- 'yung maalala natin 'yung mga bagay at problema na ating mga sinalubong noong tayo po ay naupo.

Marami hong mga problema at kabwisitan na inabot natin noong tayo'y pumasok. Mag-alala lang ho tayo ng anim na bagay in the interest of time.

Una po, Mr. President, 'yung laglag-bala, at tayo ay nabansagan sa NAIA na having the worst airport --- one of the worst airports in the world. Dati laman ng balita ang NAIA dahil sa laglag-bala modus. Ang mga biyahero balot ng duct tape at plastic ang mga bagahe nila.

Ngayon po, natigil na ang kalokohan na 'yan dahil sa pagpapatupad nang mas striktong panuntunan sa baggage handling. Ngayon po, 'yung bansag na "worst international airport" sa NAIA ay nabago. Nasama na po ang NAIA sa tinatawag na World's Most Improved Airports.

Alalahanin din po natin, Mr. President, na noong dumating tayo talagang kabwisitan ang inabot natin sa MRT-3. Ang tawag nga sa MRT-3 noon ay "MRTirik". Ngayon ho, Mr. President, wala ng train derailment, unloading incident.

Iyong dating takbo ng tren na 25 kilometers in 2016 ay nabago na po. Tayo ho ay tumatakbo sa speed na 60 kilometers per hour. Iyong train interval ho was reduced from 9 minutes to 3.5 minutes. Ang biyahe mula sa North Avenue to Taft Avenue ay nabawasan mula 1 hour and 15 minutes to only 50 minutes.

From only 10 to 15 trains, Mr. President, MRT-3 is now deploying 23 running trains. Bago na po ang aircon sa tren at operational na ang mga escalator at elevator. Lahat ng riles sa MRT-3 ay napalitan na ng brand new. Wala na pong bako-bako at hindi na ho sira-sira.

Maalala po natin, Mr. President, noong tayo'y dumating, ang lisensiya ay papel. Kukuha ka ng lisensiya, bibigyan ka ng maliit na papel. Higit tatlong milyong backlog na nadatnan natin noon. Ngayon po, Mr. President, 'yung backlog na 'yan ay na-address na at ngayon po ang lisensiya ay may card na at hindi kapisang papel.

Dati po, Mr. President, three years validity. Ginawa nating five years. This year ho sa Oktubre, mauumpisahan natin 'yung 10 years validity ng lisensiya basta't malinis ang record ng driver.

Mayroon hong bansag sa atin noon, Mr. President, na kung saan tinatawag ang ating Republika, "Republikang Walang Plaka." Dati lahat ng sasakyan walang plaka. Kotse, motorsiklo, van at lahat, wala. Nasa 3.9 million pares ng plaka na ang ating naipamigay. At mahalaga ho na malaman natin na kung noon 'yung mga plaka natin ay ginagawa sa ibang lupalop ng mundo, ang LTO ho ay mayroon ng plate-making facility na gumagamit ng robot.

Maalala ho natin, Mr. President, noong tayo'y dumating, napakaraming airport at seaport na nasalanta, napabayaan dahil sa kalamidad napabayaan ho ito. Ngayon po, Mr. President, makikita ho natin 'yung halimbawa na nakita sa Ormoc. Nakita rin natin 'yung pinag-iwanan sa Tagbilaran at Maribojoc. Ngayon ho, makikita ho natin ayos, maganda na, at napapakinabangan.

Mr. President, noong dumating po tayo sa PNR, alam niyo po ba at paalala ko lang, when we took over ang PNR, 50 years ago pa huling nakabili ng bagong tren gamit ang sariling pondo. Ito ho was 50 years ago. Ngayon, nakatikim na ang PNR ng bago at modernong tren.

Habang inaalala natin itong mga problema at kabwisitan na 'to, silipin po natin, Mr. President, 'yung concrete achievement ng ating Kagawaran ng Transportasyon by sector.

Silipin po natin 'yung aviation sector. In the aviation sector, we have completed 214 airport projects, 100 pa ang ongoing. Iyong sa completed projects, Mr. President, kasama po dito 'yung Clark International Airport New Passenger Terminal na kung saan kamakailan ay ininspeksyon po natin, Mr. President. Ito ho ay world-class at mapapalaban at papantayan 'yung mga passenger terminal sa buong mundo.

Nandiyan po 'yung Bohol Panglao International Airport, na-inaugurate noong November 27. Alam niyo po ba paalala ko lang, ang feasibility study ng Bohol Panglao International Airport ay ginawa po noong year 2000 pa. Ganyan ho katagal itong feasibility study nito bago nagbunga at nagkaroon ng realidad.

Nandidiyan po 'yung Mactan Cebu International Airport na-inaugurate natin noong June 7, 2018. At bagamat kumpleto na hindi ho tumitigil ang ating paggawa na kung saan mayroon na tayong sinisilip at sinisipat na parallel runway. Hindi ho pahuhuli 'yung Sangley Airport in Cavite na-inaugurate natin noong February 15, 2020. Nandidiyan po 'yung Dumaguete, na-inaugurate noong 11 March 2021.

At mahalaga ho itong sasabihin ko, na-inaugurate ho natin 'yung CNS/ATM, ito 'yung Communications, Navigation and Surveillance/ Air Traffic Management. Alam niyo po ba, Mr. President, noong tayo'y nagsimula, tatatlo lang ho 'yung radar sa buong archipelago. Ngayon ho, as we speak, we are proud to say that we have 13 radars. One hundred percent of Philippine air space is now covered.

Other airports inaugurated included Calbayog in Samar, Kalibo in Aklan, Ormoc, Tuguegarao, San Vicente Airport in Palawan, just to mention a few at this time in the interest of time.

Pero bago matapos ang ating termino, Mr. President, sa 2022, target ho nating mag-inaugurate ng marami pang paliparan. Isa ho dito 'yung New Bicol International Airport. Mr. President, this airport is targeted for completion and operation before the end of this year. Capacity, 2 million passengers per year. Ito po ay na-delay for 11 years at sumalang ho sa tatlo o apat na groundbreaking. Mr. President, patapos na 'to at malapit nang pakinabangan ang New Bicol International Airport.

Iyong Butuan Airport set for inauguration in August 2021; Siquijor Airport for inauguration in September 2021; Catarman Airport Rehab Project for inauguration in September 2021; General Santos International Airport for inauguration in September 2021. Ito lang po 'yung mga ehemplo o sample ng mga proyekto sa aviation.

Silipin po natin 'yung railway sector. In the railway sector, we have completed the LRT-2 East Extension project, which started operations July 1 of this year. Mr. President, please listen to this, this project was conceptualized in 1999.

Two more for completion and partial operation projects are to be done by the end of this year. Una po, 'yung Common Station Area B Atrium. This is targeted for completion in December 2021. This project was originally approved by NEDA in 2006. Ganyan po katagal 'yung konsepto ng Common Station na ngayon ay binubuo at binibigyang-buhay natin.

Iyong MRT Rehabilitation Project, nasabi niyo po ito sa inyong State of the Nation, is slated for total and complete --- completion will be this December of 2021.

Ngayon po, mayroon po tayong mga ongoing and for trial runs before the end --- bago ho magtapos ang termino ng ating Pangulo. Iyong MRT-7 trial run for Stations 4 up to 8, may trial run ho ito in April of 2022.

Iyong unsolicited proposal ay unang isinumite ng Department of Transportation and Communications po noon year 2001 and the concession agreement was signed in year 2008. Makikita po dito na kung gaano katagal nagkaroon ng realidad itong MRT-7.

For the Metro Manila Subway, ang trial run ho nito shall be conducted from East Valenzuela to the Philippine Railways Institute in April 2022. The concept for the Metro Manila Subway, nag-umpisa ho ito noong year 1973. Ito rin po sasabihin ko, 'yung Philippine Railways Institute, our Railways Research and Training Center, shall have its partial operation in June of 2022.

Iyong LRT-1 Cavite Extension na matagal na matagal nang nabinbin, in fact, the right of way was started in year 2007. Iyong approval ho ng ICC was done Agosto year 2000. Ganyan po katagal ito. Mahigit 50 percent na tayo dito at papunta na sa pagtatapos.

The PNR Clark Phase 1, Tutuban-Malolos. Ito ho ay babawasan ang ating travel time between Tutuban and Malolos from 1 hour and 30 minutes to just 35 minutes.

Hindi ho pahuhuli 'yung PNR Clark Phase 2, Malolos-Clark. Ito ho ay babawasan ang travel time from Malolos to Clark from 1 hour and 30 minutes to just 35 minutes.

Hindi rin ho pahuhuli 'yung PNR Clark Phase 2. Ito ho 'yung Malolos-Clark. 'Pag natapos po ito at matatapos din naman, babawasan ang travel time from Malolos to Clark from 1 hour and 30 minutes to just 35 minutes.

Partial operation din ho ang mangyayari sa tinatawag nating PNR Bicol or Bicol Express. Ang partial operation ho nito will cover four segments: San Pablo, Candelaria, Lucena, Pagbilao. Iyong partial operation ho nito is targeted to happen in the first and second quarter of 2022. Full operation is expected in the third quarter of 2025.

Ito ho, 'pag nagawa at magagawa din po naman, Mr. President, babawasan ho natin 'yung biyahe from Manila to Bicol from 12 hours and --- to 14 hours to only 6 hours.

Hindi ho pahuhuli 'yung Mindanao Rail. Partial operation sa Tagum, Carmen segment, targeted in March of 2022. Full operation is targeted on June 23. Ito ho ay magbabawas ng pagbiyahe from Tagum City, Davao del Norte and Digos City, Davao del Sur, from 3 hours just to 1 hour. Iyan po ang mga nangyari sa aviation at railways.

Silipin po natin kung ano 'yung mga nagawa sa road sector. In the interest of time, at this moment, puwede po bang i-emphasize ko lang ho, Mr. President, ang tatlong proyekto? Una po, 'yung bike lane. Nagawa at natapos na po natin, Mr. President, ang halos 500 kilometers ng bike lanes sa Metro Manila, Metro Cebu, at Metro Davao.

Iyong EDSA Busway, we started the establishment 'yung dedicated middle lane for public utility buses in EDSA para sa mga commuters. Travel time via bus from Monumento to PITX nabawasan ho 'yan from 3 to 4 hours to just 15 minutes.

Natapos na rin ho natin at operational na, at happy naman ang mga taong nagbibiyahe, happy 'yung mga pasahero, happy 'yung mga driver at operator sa Parañaque Integrated Terminal Exchange (PITX).

In 2018, inumpisahan ho natin 'yung operasyon ng tinatawag natin na country's first landport. Bakit landport? Kasi ho kung titingnan mo at makapasok ka doon, parang airport ang tingin. Ang maximum capacity nito daily is 100,000 passengers.

Hindi ho pahuhuli 'yung maritime sector na kung saan 451 seaport projects ay natapos na at tinatapos pa ho natin mga 100. Kasama ho sa mga nakumpletong seaport projects are Puerto ng Cagayan de Oro, the country's biggest port passenger terminal. Ito ho 'yung pinakamalaking passenger port terminal sa buong Pilipinas. Nangyari po 'yan sa termino ng ating Presidente. Ang kapasidad ho 3,000 passengers daily.

Nandidiyan ho 'yung Puerto ng Tagbilaran at Maribojoc sa Bohol; Puerto ng Borac, San Fernando, and Bataraza in Palawan; Port of Dumaguete; Salomague in Ilocos [Sur]; Babak Port in Davao del Norte; General Santos, among others, ito po at makikita sa screen, tapos na tapos na tapos na po.

Meanwhile, mayroon ho tayong mga ongoing projects to be completed before our term ends. Kung nasabi kong naitayo na po natin 'yung pinakamalaking passenger terminal sa Cagayan de Oro, ito po, Mr. President, ay panandalian lang. Bakit? Pagka't mayroon ho tayong Puerto sa Calapan that will accommodate 4,000 passengers at any given time. Tatapusin at tatapusin ho namin ito, Mr. President, bago matapos ang inyong termino.

Hindi ho pahuhuli 'yung Zamboanga Port which can likewise accommodate 3,000 passengers at any given time. Mr. President, the Port of Lucena in Quezon City ---

in Quezon and the Port of Abra De Ilog in Occidental Mindoro are ready for inauguration.

The Coron Port Expansion Project is also scheduled for inauguration in December 2021. Ang Currimao Port in Ilocos Norte will be inaugurated in November 2021.

Nakita ho natin `yung mga Build, Build, Build projects na ginawa natin sa aviation, sa maritime, sa road, at sa rail sector. Hindi ho pahuhuli `yung modernization program natin sa Coast Guard. Ito hong modernization --- ito hong Coast Guard ay nagre-report ho at bahagi ng Kagawaran ng Transportasyon.

Patuloy din nating pinapalakas ang kapasidad ng ating Coast Guard. Itong nakaraang Lunes, we launched `yung isa sa dalawang 94-meter Multi-Role Response Vessel of the Philippine Coast Guard. Ito po `yung pinakamalaki sa fleet ng Coast Guard that will help in our effort to maintain security and safety capabilities in the open seas.

Marahil tatanungin ho ng ating mga kababayan, "At ano naman ang ginagawa ng Kagawaran ng Transportasyon itong panahon ng COVID, itong panahon ng pandemya?" Hayaan niyo pong sabihin ko `yung mga ibang bagay at mga bagay-bagay na ginagawa ng Kagawaran ng Transportasyon.

Nandidiyan ho `yung service contracting program. Sa ilalim ng programa, binabayaran natin ang mga tsuper, may sakay man sila o wala. Ang total disbursement as of June 30 is 1.9 billion pesos.

Nandidiyan ho `yung libreng sakay. Nagbibigay din tayo ng free ride para sa mga APORs --- authorized persons... Iyong mga rank and file, with the management under the leadership of the President... Kaya nga po, Mr. President, nagmamalaki kaming nagsusumite ngayon ng report na ginawa namin addressing `yung mga problema at mga kabwisitan noong dumating tayo.

Pagtatayo ng mga istruktura sa Build, Build, Build na puwede nating ipagmalaki. Nandidiyan ho, Mr. President, iyong tinatawag nating sound fiscal management, at last but not the least, the culture formation.

Mahalaga ho ito `pagkat kung walang kultura, walang value ang mga tao, mahihirapan ho tayong gumawa ng proyekto. Ngunit kung mayroon hong value, cultures and ways of doing things, madali hong dumating at madaling magawa ang mga proyekto.

Iyan lang po, Mr. President. Marami pong salamat. *[applause]*

PRESIDENT DUTERTE: Art, I cannot express in words, the appreciation of this government of your talent and expertise in running your department.

You are one of the top performers. At --- ito haka-haka lang naman, wala halong pulitika, kasayang ng gobyerno na ito `pag nawala ka, sa totoo lang.

There are people who are really conscious of their fervor to be of service to their country that mawala sila, just a passing scene sa political ano natin, manghinayang ka.

Tingnan mo nagawa ni Secretary Tugade, more than the achievements of the past administrations, three --- three administrations combined.

Kita mo `yung natapos niya? If only one puts their heart to it, talagang kayang gawin, and one of them is really Tugade.

Sayang kung mawala ka. I hope that the people --- I will not say more than just necessary, pero sayang, nanghihinayang talaga ako. Eh classmate kita. Pero ako umabot na ako sa apex ko. But I think the country really bads you --- needs you badly, badly --- real bad sa mga itong --- lalo na `yang proyekto na it always ends up in corruption.

So I'd like to congratulate you and we still have about a few years to --- a few months to go. I hope you can complete the project. And I hope that you'd consider running for senator of the Republic of the Philippines.

Sayang ka, sayang ka. Totoo, nanghinayang ako sa inyo. Ikaw, si Villar, at ibang mga Cabinet members diyan. `Pag nawala kayo, ah balik tayo sa tig-limang taon na naman, sampung taon puro drawing lang.

So Art, I will not detain you any further, thank you for the report and we expect more to come as the projects are being completed.

So salamat at we hope to have you again next time to give us the report nearing the end of the --- nearing the end of my term.

Thank you.

SEC. TUGADE: Maraming salamat, Mr. President. I am happy and I am certainly humbled by your very generous remark.

Maraming salamat po. Promise, magtatapos pa ho ako ng maraming proyekto bago matapos ang ating termino. Maraming salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: My comments come from the heart, you know that. You know me, I don't --- wala akong ano, I do not go for pretensions. Talagang mahusay ka. Kaya hindi ako nagkamali nga mahusay ka kaya kinuha kita.

So, it bore fruit and ngayon nakikita ko na that I made the right decision. Although abugado tayo pero because of your training along the way to the ladder of success in life, started from a clerk to a water boy until you became the executive vice president and eventually to become an owner of your own business empire.

It is not easy to be a billionaire. Sana 'yun ang anuhan namin ang --- eh ikaw lang ang pinagpala ng Diyos diyan. Give something to the country.

Thank you. *[applause]*

Let me just mention the names of the presenter. The first was Secretary Arthur Tugade, DOTr, and his accomplishments, very splendid. Then we have the COVID-19 concerns, the presenter will be Secretary Duque; Secretary Galvez; and secretary --- Director, rather, General Enrique Domingo. And wala man si Secretary Año.

Well, then we have Karlo Nograles and si Roque. I don't know if Benhur Abalos would have something to say. But anyway we will ask you as we go along. The next is Secretary Roque --- ah Secretary Duque, please.

DOH SECRETARY FRANCISCO DUQUE III: Good evening, Mr. President, and magandang gabi po sa akin pong mga kapwa kalihim. At sa ngalan po ng Kagawaran ng Kalusugan, ako po ay magbabahagi sa inyo ng maikling ulat ukol sa ating COVID-19 situation and other relevant updates.

[Next slide.]

Ngayong ika-28 ng Hulyo, 2021, mayroon po tayong nadagdag na 4,478 na bagong kaso na ang sumang total ay umabot na po tayo sa 1,566,667 cases.

At sa 4,478 na naidagdag, 1,151 po ay mula sa NCR. Ito po ay talagang tumataas ang bilang ng mga kaso mula sa NCR dahil noong nakaraang linggo ay halos nasa humigit-kumulang 650 kaso lamang ang naitatala. Ngayon po ay halos padoble na tayo kaya talagang ito po ay binabantayan natin.

Samantalang ang Region IV-A naman po ay 701 cases ang kanya pong naiambag sa atin pong national cases; at 540 naman po mula sa Region VI; at 2,086 sa mga natitirang iba pang mga rehiyon.

At para naman po sa ating mga aktibong kaso, ang bilang ngayong ika --- ngayong araw ay nasa 54,552. Ang katumbas po nito ay 3.48 percent ng atin pong kabuuang kaso.

Sa kabilang dako naman, ang atin pong recoveries ay umabot na sa 1,484,714, at ang atin pong recovery rate ay nasa 94.77 percent; habang ang bilang ng mga pumanaw ay nasa 27,401, at ang atin pong case fatality rate ay nananatiling nasa 1.75 percent.

Para sa mga Pilipinong may edad na less than one year of age hanggang 49 years of age, ang CFR ay nasa .42 percent lamang.

Habang para sa mga Pilipinong may edad na 50 hanggang lampas sa walumpung taong gulang, ang kanilang case fatality rate ay nasa 5.47 percent. This is 12 times higher than the CFR for the younger age group.

At ito rin po ang dahilan kung bakit uunahin natin ang mga matatanda o ang mga senior citizens sa atin pong vaccination program.

Iyong ating binibigyang-diin para po sa ating mga kababayan, ang pagsasakatuparan ng Four-Door Strategy para po maibsan ang pagkalat ng COVID-19 Delta variant.

At ngayon po nasabi ko, mayroon na po tayong local transmission ng Delta variant at kinakailangan natin pong palakasin ang pagpapatupad ng atin pong mga measures ito po sa atin Door 1 strategy, dito po sa kulay dilaw, bilang pag-iingat mayroon tayong travel restrictions na itinaas para sa sampung mga bansa hanggang sa katapusan ng buwan. Ito po ay India, Pakistan, Bangladesh, Sri Lanka, Nepal, United Arab Emirates, Oman, Indonesia, Thailand, and Malaysia, kamakailan lang po.

Para naman po sa ating Door 2 strategy, nananatili ang atin pong pagpapatupad ng mahigpit na screening, testing, and quarantine protocols sa lahat ng mga points of entry para sa lahat ng mga indibidwal na parating sa bansa.

Ang nilalayon naman ng Doors 3 and 4 na ihanda ang ating health system na tugunan ang anumang posibleng pagtaas ng mga kaso lalo na ang mga lugar na ating binabantayan na akin pong binanggit kanina.

Sa atin namang pagpapaigting ng PDITR strategies at vaccination, binibigyan proteksyon natin ang ating mga mamamayan at sinisiguro na maputol natin ang kadena ng hawaan.

Ang mabilis at mahigpit na pagpapatupad ng ating Four-Door Strategy ay isang susi sa laban natin sa anumang variant of concern, may this be Alpha, Beta or Delta variant.

Muli hinihingi namin ang kooperasyon ng iba't ibang ahensya ng pamahalaan sa pagpapatupad ng Doors 1 and 2. Ito po ang DOTr, ang Philippine Coast Guard, ang PNP, AFP, ang Bureau of Customs, Bureau of Immigration, and Bureau of Quarantine.

At ang mga health facilities naman sa pagpapatupad ng Doors 3 and 4 at higit sa lahat ang publiko na patuloy na sumunod sa atin pong minimum public health standards, at ang kahalagahan ng pagpapabakuna.

So ang akin pong last slide, Mr. President... *[Last slide, please.]*

Ang atin pong mga pagbubuod, Mr. President, number one: nagsisimula na tayong makakita ng pagtaas ng kaso at healthcare utilization rate ngayong may local transmission ng Delta variant.

At pangalawa, nananawagan kami --- nananawagan po tayo sa ating mga kababayan na kabilang sa mga population groups A2 and A3 na magpalista at magpabakuna sa lalong madaling panahon upang bigyan proteksyon ang inyong mga sarili laban po sa Delta variant.

So ito na lang po ang panghuling aking bahagi ng akin pong ulat. Handa na po akong sumagot sa inyo pong mga katanungan.

Salamat po, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you, Secretary Duque. Now, we'll go to Charlie Galvez.

NTF COVID-19 CHIEF IMPLEMENTER & VACCINE CZAR

CARLITO GALVEZ JR.: Mr. President; Senator Bong Go; my fellow Cabinet members; magandang gabi po sa inyong lahat.

Sa ngayon po may... *[Please show my slide, please.]*

Sa ngayong araw po, Mr. President, 'yung tinanong ninyo po sa akin last time na kung paano natin mabibigyan 'yung mga request ng mga governors at saka 'yung ibang mga LGUs, considering that we have competing demands between the NCR Plus 8 and also with the LGUs.

So ngayon po ipi-present ko po sa ngayon how we will meet the supply and demand requirements for ano for the next few months.

[Next slide, please.]

Mr. President, malugod po naming ibinabalita ni Secretary Duque na nakapag-administer na po tayo ng 18.1 million doses sa various vaccines. With 11.3 million Filipinos have taken the first dose, while 6.8 Filipinos are now fully vaccinated which represent, Mr. President, that's already 8.8 percent of our targeted population. We will discuss this, Mr. President, on my following slide.

For the month of July, we administered a total of 7,470,701 jabs, with a seven-day average of 2.5 million. Sir, malaki po ito, sir. Kung tutuusin po natin, tayo po ang

pinaka 15 highest sa buong mundo in terms of 'yung ano 'yung number of jabs per week kasi nakita po natin 2.5 million per week po tayo. And a daily average of 365,406 jabs. Noong last week po, Mr. President, ano lang po tayo noong mga nagdaang buwan, 250,000 lang po tayo. Ngayon po, nakaka-angat po tayo ng 365[,000].

We have achieved the highest record of 659,029 jabs per day on July 27. Our target is only 400[,000] to 500,000 pero talaga pong nagsusu --- nagpupursige po ang ating mga LGUs na kahit na po bumabagyo at umuulan ay ginagamit po nila 'yung mga malls at saka 'yung mga buildings na talagang hindi po mababasa ang ating mga kababayan.

On the supply side, PH already received a total of 31,360,700 doses. We are still expecting to receive iyong 2.5 million doses of Sinovac. Bukas po, sir, matatanggap na po namin 'yung 1.5 million and then the following day, 7:30 in the morning, another one million. So, 2.5 million po, very steady po 'yung supply ng Sinovac po natin.

And then also we are expecting the 3 million doses of COVAX US donation sharing of Moderna vaccines and the British donation of 115,000 doses of AstraZeneca, with a total of 5.9 million doses. We are expecting this month and also first week of August.

In order to meet the monthly demand and increasing capacities of all regions and provinces, the Philippines need to deliver 25 million doses monthly. So iyon po ang ang parang ini-scale up namin, Mr. President, na kailangan mayroon tayong mga deliveries na 25 million.

Our Philippine negotiating team, led by the Department of Finance, and also our diplomatic team headed by the DFA, is now doing our best to get more vaccines through our negotiation and also diplomatic relations with other countries.

And then number five: we will discuss also briefly our National Action Plan kasi sinasabi po nila noong SONA, sabi nila wala pong plano. Mayroon po tayong plano po at 'yun po ay ini-implement po natin at ating ipinapatupad kasama na po 'yung mga contingencies.

[Next slide, please.]

Sir, ito po ang brief rundown ng ating vaccine supply. We still have another 64 million doses for procurement and COVAX and other donation. Nakuha na po natin 'yung 31.3 million doses at makukuha po natin within six months iyong 132.7 million na makukuha po natin mga 81.16 percent pa po. At nasabi ko na po kanina na 18 --- out of that delivery, we have already 18.1 million doses total administered and 11.3 first dose administered.

And then mayroon po tayong 13.2 million doses to be administered on stock in the different warehouses. So sinabi ko po kanina na talagang dapat po nating i-increase ang ating delivery in order to achieve the ano the demand --- or the demand of the different LGUs and also our ano our different NCR Plus 8 priority areas.

[Next slide, please.]

Sir, ito po 'yung rundown ng mga details ng ating pagbabakuna. Makikita po natin ngayong linggo po, tumaas po ang ating pagbabakuna sa larangan ng A2. Noong dati po medyo maliit po 'yung ating --- ating nagawang pagbabakuna sa A2 at saka sa A3.

Sa ngayon po, pumapalo na po na tayo ng more or less 10 million po ang nagawa po natin sa A2 and A3. And hopefully it will ano --- it will be increased with the dedication of the J&J doon po sa ano --- Johnson & Johnson na 3.2 million para po sa ating mga A2 at A3.

[Next slide, please.]

Sir, ito po 'yung ating --- ating mga nakuha na na bakuna ngayong July na umabot na po tayo ng 13.9 million or more or less 14 million. At hopefully makukuha po natin 'yung ano 'yung 2.5 million na Sinovac at saka 'yung 415[,000]. Most likely po 'yung Moderna COVAX makukuha na po natin ito by ano first week of August.

[Next slide, please.]

Sir, ito po 'yung ating ano ating makukuha na deliveries this coming August. At ito po nga po kailangang iangat natin na 'yung 16 million expectation, sir, natin na expected kailangan gawin nating 25 [million]. So we need to increase our ano our delivery for Sinovac. So kung makikita po natin kung pagsamahin po natin 'yung targeted population, more or less mayroon po tayong 59,929,000. And then 'yung projected eligible population po natin is 70 million.

Sa ngayon po, mayroon lang po tayo na 31,360,000 doses, 'yung actual supply deliveries. At kung titingnan po 'yan, hahatiin po natin 'yan, it is equivalent to 17,300,775 treatments o --- kasama po ang J&J kasi single dose lang po 'yun.

So kung makikita natin supposed to be kalahati 15 [million], pero nakita natin 'yung ano, 'yung ano tayo --- 'yung J&J, 3 million 'yun. So sinama namin na parang ano 'yun, parang double dose 'yun.

So kung makikita po natin, Mr. President, 'yung gap po natin talaga, malaki pa ho 'yung gap natin, pagkukulang, mayroon po tayo na gap na 42.6 million, the gap between supply and demand. And we are expecting to meet the ano, the demand over the supply ay ma --- makikita po natin sa October pa.

So nakikita po natin kasi 'yung nakikita natin kaya po 'yung hinihingi po namin ang patience sa ating mga LGUs at saka sa ating mga --- mga provincial governors and cities na talagang kulang pa, 'yung sinasabi nga ni Secretary Duque, na kulang na kulang pa talaga ang ating mga vaccine.

Though malaki ang deliveries natin in volume, in ano, in reality kung io-open natin talaga, open up natin hanggang A1 to A5 ay kulang na kulang po tayo ng vaccine in terms of 'yung tinatawag na actual doses kasi imu-multiply pa natin po 'yan into two kasi po two doses po tayo.

So ito po, ito graph pong nito, 'yung reference model po nito, makikita natin na talagang kulang na kulang pa rin po tayo kaya ang recommendation po ng DOH at ng National Task Force, concentrate po tayo talaga doon sa ano sa A1, A2, and A3 para magkaroon po tayo ng tinatawag na symbolism sa --- 'yung tinatawag nating population protection for those sa vulnerable sector.

That's all my --- my ano, my presentation, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you. You had a very good graph showing the flow of vaccines. It's very heartening to know that these are the things that are lined up for our supply in the next few months.

SEC. GALVEZ: Yes, sir.

PRESIDENT DUTERTE: We go now to Secretary Año.

DILG SECRETARY EDUARDO AÑO: Magandang gabi po, Mr. President.

[Please, put my slides.]

Kararating ko lang po galing ng NAIA, on your behalf po ay sinalubong po natin si Hidilyn Diaz, 'yung ating Olympic Gold Medalist.

[Please, put my slide.]

Ngayong gabi po, Mr. President, ay ibabahagi ko ang mga paghahandang ginagawa ng DILG at ng LGUs laban sa Delta variant, lalo na po sa aspeto ng prevention.

Kasunod ng kumpirmasyon ng DOH sa nagaganap na local transmission ng Delta variant, agad namang kumilos ang ating mga lokal na pamahalaan upang mapangalagaan ang kani-kanilang mga constituents at makontrol ang Delta variant sa kanilang respective jurisdictions.

[Next slide, please.]

Narito naman po ang pinakahuling datos ng PNP sa mga violations po natin sa minimum public health standards.

Nakikita po natin na nagbabaan ang mga violations: 34,766 na lang ang nag-violate sa pagsusuot ng mask. Ito po ay mas mababa ng 20,000 sa ulat noong nakaraang linggo; pati rin sa mga violations ng mass gathering ay naibaba rin natin; at pati sa no physical distancing, mas mababa ng 4,638 sa naitalang 12,724.

So ang indication po nito ay talagang sumusunod po ang ating mga kababayan sa ating mga community health protocols, lalo na po sa minimum public health standard protocols.

[Next.]

At dito naman po ibabalita ko, Mr. President, ang inisyatiba ng DILG, ng mga LGUs at ibang pang ahensya ng ating pamahalaan, kasama ang Anti-Red Tape Authority sapagkat dito po ay minadali natin ang pagbibigay ng mga permit, lalong-lalo na sa mga telecommunications infrastructure katulad ng mga tower. Sapagkat sa panahon ng pandemic, alam po natin ang pangangailangan ng Internet sa ating mga nage-eskuwela, sa ating mga negosyante, at sa ating mga mamamayan.

Ang dating napakatagal na pagproseso ng mga applications na noo'y inaabot ng ilang buwan, ngayon po ay pitong araw na lang. Ang dating 26 hanggang 29 na documentary requirements, tulad ng mga Sanggunihan resolutions at iba pang mga clearances na kinakailangang iproseso sa pagpapatayo ng cell pow --- ng cell towers, ngayon po ay dalawa na lang ang nire-require.

At dahil din po sa Recover as One Act or Republic Act No. 11494, mas lalong napabilis po ang proseso. Kaya po sa period na mula noong inutos po ninyo, 3,628 application for towers ang ating napa-approve mula sa 492 na municipalities and cities. So ang natitira na lang po, ang pending natin ay 838, at ito po ay sisiguraduhin natin na ma-approve sa lalong madaling panahon.

[Next slide, please.]

Sa atin naman pong kampanya laban sa ilegal na droga. Base sa mga datos na nakalap ng PNP, PDEA at iba pang mga ating law enforcement units, nakapaggawa po tayo ng 1,704 anti-illegal drug operations, kasama na 'yung mga buy-bust operations; at nakapag-aresto tayo ng 2,320; mayroon pong 20 na sumuko; at during the police operations ay mayroon pong 13 nasawi na mga drug pushers. At higit --- lahat-lahat po nakakumpiska tayo ng worth 130,321,169 pesos na halaga ng shabu, marijuana at iba pang mga illegal substances.

[Next slide, please.]

Sa atin pong key messages: With the LGU's commitment to the nationwide campaign against COVID-19, the Delta variant can be effectively managed and controlled. And by providing easy, simple, safe, and convenient, and hassle-free

vaccination sites and systems ay nae-encourage po natin lalo ang mga ating kababayan upang magpabakuna.

Ang fully vaccinated individuals ay mayroong better protection against the Delta variant. Kaya ang atin pong cooperation, participation from our kababayan will be instrumental to our success.

Iyon lang po, mahal na Pangulo. Magandang gabi po.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you, Secretary Año. Sino pa ba? Secretary Roque. I'm sorry.

PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE: Mayor, dalawa pong parts ang aking report. Unahin ko na po 'yung recommendation po ng IATF para sa quarantine classification kasi mayroon na po akong walo, walong queries sa mga miyembro ng media. May kumakalat po kasi na mayroon daw ibang classification na ipinapatupad na.

Alam ko po pag-uusapan 'to kasama si Chairman Abalos kasi mayroon ding posisyon ang mga Metro Manila mayors. So siguro po sisimulan ko na 'yung ating discussion tungkol po sa community quarantine, with your permission, Mayor.

So with your permission po, ito lang po 'yung... *[Paki-flash po sa screen 'yung recommendation sa quarantine classification. Oo, para mabasa ng lahat po.]*

Dahil nga po doon sa naiulat ni Secretary Duque na tumataas na daily attack rate, two-week average attack rate, at saka 'yung pagtaas ng healthcare utilization rate, ay minabuti po ng inyong IATF na magrekomenda: unang-una, na manatili sa ECQ hanggang August 7 po ang Iloilo City, ang Iloilo Province, ang Cagayan de Oro City, ang Gingoog City; mapasailalim po sa MECQ hanggang August 15 ang Ilocos Norte, ang Bataan, ang Lapu-Lapu City at Mandaue City; at mapasailalim po sa GCQ with heightened restrictions, ito po 'yung current quarantine classification ng Metro Manila, pero kasama na po ng Metro Manila 'yung Plus 4 na probinsiya ng Laguna, Cavite, Rizal at Bulacan.

Kasama rin po sa rekomendasyon na mapasailalim sa GCQ with heightened restrictions ang Ilocos Sur, ang Cagayan, ang Lucena City, ang Naga City, ang Antique, Aklan, Bacolod City, Capiz, Negros Oriental, Zamboanga del Sur, Misamis Oriental, Davao City, Davao del Norte, Davao de Oro, Davao Occidental at ang Butuan City.

Ang rekomendasyon naman po para sa general community quarantine ay para sa: Baguio City, sa Apayao, sa City of Santiago, Isabela, Nueva Vizcaya, Quirino, Quezon, Batangas, Puerto Princesa, Guimaras, Negros Occidental, Zamboanga Sibugay, City of Zamboanga, Zamboanga del Norte, Davao Oriental, Davao del Sur, General Santos City, Sultan Kudarat, Sarangani, North Cotabato, South

Cotabato, Agusan del Norte, Surigao del Norte, Surigao del Sur, Dinagat Islands, and Surigao del Sur, plus Cotabato City.

Iyong mga hindi po nabasa na nasa ilalim po ng ECQ, MECQ, GCQ or --- with heightened restrictions or GCQ ay mapapasailalim po sa MGCQ.

Pero, Mayor, bukod po dito ay mayroon pang karagdagang rekomendasyon din po ang inyong IATF 'no. Bukod po dito sa quarantine classification, ang naging rekomendasyon pa talaga po ng inyong IATF dahil nga po dito sa Delta variant, kinakailangan mapaikli po 'yung detention --- 'yung detection to isolation quarantine interval to less than five days po 'no.

Kinakailangan po talaga ipatupad ang facility isolation and quarantine at iwasan po talaga ang household --- ang home isolation. Kinakailangan ang healthcare capacities and systems po ay paghandaan at kinakailangang mapalakas po ang kanilang preparasyon in case dumami nga po ang kaso. Pabilisan po ang pagbabakuna sa mga A2 and A3 populations. At saka iyong mas maigting pang border control protocols sa lahat po ng port of entry ng ating bayan.

At nagrerekomenda rin po ang inyong IATF na patuloy na susubaybayan po ang sitwasyon at hindi po mag-aatubili na itaas ang quarantine classification kapag tunay na pong sumipa ang kaso ng COVID dahil nga po dito sa Delta variant.

Siguro po if we can call si Chairman Abalos kasi mayroon po yatang mensaheng nais ipahiwatig ang ating mga mayor pero base naman po sa datos na iprinisenta ni Secretary Duque kanina ay nasa moderate risk po ngayon ang Metro Manila at ang kabuuan ng ating bansa.

PRESIDENT DUTERTE: Itong variant Delta is causing so much scary stories for us kaya kung sabi na four times more aggressive, more transmissibility is faster than the usual COVID-19, nakakatakot nga.

So the best way really is to double the time in the inoculation of people. Iyan lang talaga ang paraan natin na ano and we just hope that what we expected to be coming our way in the coming few days ang mga bakuna darating sana.

And I ask ating mga kababayan na hindi na nila hihintay kasi ang nangyari sa Indonesia, Malaysia, Thailand, grabe. Parang kumagat talaga ang variant D doon at maraming patay. So they are back to square one. Balik sila sa unang --- unang araw ng COVID-19.

So do not --- ang ibig kong sabihin, huwag kayong --- [*How would I explain it in Tagalog?*] --- huwag kayong malulong diyan sa idea na kung tapos na kayo, wala pa tayong --- wala na tayong problema. Kayong nabakunahan na, okay. Ang problema marami pang hindi.

Ngayon, itong ayaw magpabakuna, ibigay na lang kaagad doon sa A3. Doon na sa -- doon na sa public kung sinong gusto. Eh `yung ayaw magpabakuna sa listahan wala, eh di ayaw nila. Ibigay natin sa iba para makatulong.

Now ito ngayong ayaw magpabakuna, sinasabi ko sa inyo huwag kayong lumabas ng bahay kasi `pag lumabas kayo ng bahay, sabihin ko sa mga pulis eh ibalik ka doon sa bahay mo. You will be escorted back to your house because you are a walking spreader.

Walang katapusan ito kung pagbigyan ko lang kayo. `Pag mahina ang loob ko dahil mag-iyak-iyak kayo diyan, eh ibang istorya ito, adre. Bayan itong pinag-uusapan natin kaya kung ayaw ninyong makatulong by having the vaccines, eh `di huwag na lang kayong lumabas ng bahay.

It behooves upon really the barangay captains. Trabaho talaga ng barangay captains iyan eh to go around to see who are vaccinated and who are not, and to give the appropriate warning that they should not be going around because they are throwing viruses left and right.

Ngayon, kung ayaw nilang mag-uwi, eh tatal pabu --- sa bahay man talaga sila papunta, eh pilitin nilang ihatid sa bahay eh kaysa defenseless ang ano.

We have to come up with a law punishing a guy, a person, who has not been vaccinated and going around. We do not have a law, a punitive action that can be taken against the person who does not have the vaccine and go around, making it dangerous for the others to acquire the virus.

Kaya siguro pagkaganun, ang mga barangay captain na lang, 'pag ayaw nilang magpabakuna, huwag mo silang pabasahin --- palabasin ng bahay. Ganoon ang ano niyan. Eh wala tayo, defenseless tayo eh.

Eh sabihin natin walang batas. Eh maghintay pa ba ako sa batas kung marami nanaman ang mamamatay? Iyan ang problema. There is no law, but the law of necessity is there. Kaya... Ayaw mong magpabakuna tapos --- eh sabihin ko na ako na mismo ang sasagot niyan.

Kung may idemanda, ako na. Iyan ang utos ko, ibalik ka doon sa bahay mo. "Iyan ang utos ni Mayor. Kung magdemanda ka balang araw, idemanda mo siya". Harapin ko 'yan. I assume full responsibility for that. Mahirap iyang ano ng style ng iba.

Ngayon, 'yung mga bakuna intended for them, kung wala naman ipasa na ninyo sa A3. Ibigay na ninyo kaagad sa... Iyong ayaw, huwag na, huwag mo nang hintayin. Let's give it to the people who want it.

Those who do not want it, well --- for all I care you can die anytime, sa totoo lang. Eh ganoon ang istorya niyan patigasan tayo eh. So that's how it is.

We just hope that Secretary Galvez will be able to really gather the vaccines that were promised to us so that we can have a continuous program towards addressing this problem of inoculation for a certain number of Filipinos. Malayo pa tayo, malayo pa tayo.

Kaya 'yung mga tao, huwag silang manini... We can have a heightened restriction. Wala ng ano --- wala ng --- wala na akong --- I do not have any qualms about people going out kung bakunado.

Eh what's the purpose of having a vaccine if you cannot go out? Iyong mga bakunado, puwede na kayong magpasyal-pasyal. Iyong walang bakuna, tumabi muna kayo at magplano ako kung anong gawain ko sa inyo.

Then again, itong COVID-19 will have a --- COVID-19 D will have a... If the stories are true, as what happened in Indonesia, what's happened in Europe, nagkakagulo sila ngayon kasi may bagong virus na hindi nila kilala. Ngayon pa sila na... Hindi nila malaman kung may bakuna ba ito o wala.

So tayong walang kaalam-alam diyan, wala tayong expertise, we will just wait. But it would be good to adopt stricter measures for the protection of the people.

Mahirap ito. Walang gustong pahira... I mean, I am not into making it hard for the people to live. Kaya ako sabi ko, kung bakunado ka na, 'yan ang gratis mo diyan, puwede ka nang lumabas.

Kaya kayong gustong lumabas, magpabakuna kayo. Kayong ayaw ninyong lumabas, I am telling the authorities down there to ibigay na sa iba. Bakit pa kayo hintayin? Iyon ang... That should be the... Well, I don't know.

I'd like to --- I'd like to hear Atty. Domingo.

FDA DIRECTOR GENERAL ROLANDO ENRIQUE DOMINGO: Yes, sir. Magandang gabi po, Mr. President. Mayroon lang po akong kaunting update sa mga bagong kaalaman natin tungkol sa mga bakuna and some idea po on how the vaccines are actually performing dito po sa atin ano.

[Ipakita po natin 'yung slides.]

At makikita po natin na talagang napoprotektahan po ang ating mga kababayan at saka po 'yung ating mga health workers dito po na mga 'yung mga nabakunahan na po natin.

PRESIDENT DUTERTE: Let me cut you there. Ito, atin na ito?

DIRECTOR GENERAL DOMINGO: Yes, sir, sa atin po. Iyon pong mga... Kasi po mino-monitor po ng FDA at saka ng DOH 'yung mga nabakunahan at tinitingnan po natin kung sino 'yung mga nagkaka-COVID, at maipapakita ko po sa inyo 'yung

mga numero at kung gaano po kalaki 'yung ibinababa po ng pagkakasakit ng mga kababayan natin.

PRESIDENT DUTERTE: Okay, I am just asking if this is a product that is produced by the Philippines?

DIRECTOR GENERAL DOMINGO: No, sir. All of the --- as of now, sir, lahat po ng bakuna natin are still imported 'no. Sa 'yun pong walo natin na may EUA, pito po ang ginagamit na natin are still imported po.

PRESIDENT DUTERTE: But itong ating --- itong atin, do we have the clinical trials underway?

DIRECTOR GENERAL DOMINGO: We have five clinical trials po pero mga ano rin po galing din po sa ibang bansa na vaccines ang clinical trials po natin sa ngayon. Wala pa po tayong clinical trial ng local vaccine, sir.

PRESIDENT DUTERTE: --- ng ating vaccine, ah, okay. Okay.

DIRECTOR GENERAL DOMINGO: So ---

PRESIDENT DUTERTE: Please go ahead.

DIRECTOR GENERAL DOMINGO: Yes, sir. Sir, sa buong mundo po ngayon, as of today, mayroon pong 21 na vaccines under emergency use authorization, at sa atin po, walo po ang ginagamit natin sa Pilipinas doon sa 21 na 'to.

[Next slide, please.]

Doon po sa walo na mayroong emergency use authorization, ang nagamit na po sa Pilipinas at kasalukuyang ginagamit ay pito 'no, at mataas po ang efficacy rate ng mga ito anywhere from 70 percent --- kung makikita po natin dito sa kaliwa --- hanggang 95 percent.

Ang latest data po natin na nakikita sa efficacy rate ng mga bakuna against the Delta variant, 'yun pong nasa pinakakanan. At makikita po na lahat naman ng bakuna eh talagang useful pa rin po against the Delta variant. Bagama't mayroong kaunting pagkababa 'yung efficacy, nagde-decrease po ng mga 15 to 20 percent. But since ang baseline naman po natin ay 70 to 95 percent ay matataas, so mataas pa rin naman po 'no ang laban natin sa Delta variant basta nabakunahan tayo nitong mga approved.

Ang hinihintay po na lang natin na data for the Delta variant ay 'yung Sputnik at 'yung Sinopharm na kakaunti lamang naman po ang ginagamit pa natin at this time. But all the other vaccines would show mga 15 to 20 percent po lamang na pagbawas sa efficacy.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you. That was a very exhaustive report.

SEC. ROQUE: Mayor, oo, Mayor, pasensya na po.

PRESIDENT DUTERTE: Yes, Secretary Roque?

SEC. ROQUE: Oo, Mayor, pasensya na po. Oo, iyong isang news director na po ng TV station ang nag-text sa akin kasi napaka --- kumakalat po 'yung fake news na mag-e-ECQ na raw po tayo.

So tatanungin ko lang po na 'yung recommendation po na flinash (flash) sa screen kung aprubahan niyo na po with the firm commitment from your IATF na sinusubaybayan po talaga ang sitwasyon at kung kinakailangan talaga magtaas ng quarantine eh gagawin naman po 'yun 'no.

Pero ngayon po kasi kumakalat na fake news and 'yung news director na po ng TV station ang nagte-text ngayon ay magha-hard lockdown. So aprubado na po 'yung recommendation na flinash (flash) po natin kanina na GCQ with heightened restriction 'no?

PRESIDENT DUTERTE: Yes. The final authority is not me. In the matter of this program of COVID-19 of the government, I am just one of the participants there to listen and to make --- to articulate only what has been decided by the Task Force. Pagka ngayon with heightened restrictions

SEC. ROQUE: Opo.

PRESIDENT DUTERTE: Iyon lang kasi alam mo, mga kababayan ko, ginusto man ninyo 'to at hindi --- sa amin hindi namin ginusto --- inyo ginusto man ninyo 'to at hindi, kailangan itong mga ganitong patakaran para sa kapakanan, for you to survive, para mabuhay kayo.

Kay kung ang gusto lang namin o ayaw ninyong sumunod, eh 'di hindi na lang kami mag-meeting-meeting dito at wala na kaming rekomendasyon, basta labas na lang kayo lahat kung gusto ninyo.

But again, as shown by what is happening in the other countries, kita mo there is really a pandemic in the true sense of the word in Indonesia, India, Thailand. Grabe ang ano doon ngayon ang hawaan at ang namatay. Kung ayaw ninyong maniwala, all you have to do is to tune in to the international or listen to the local TV stations. May sinasabi 'yan sila. Part of their foreign news would be the COVID-19 situation.

You know, hindi sa nagpapahirapan 'to. Wala --- huwag ninyong isipin ito na ginusto namin ito para sa inyo. Sa totoo lang, ayaw namin. Kaya lang eh kami ang nandito sa gobyerno mga trabahante ngayon, kami 'yung inatasan ng batas na

magpairal ng mga ganitong measures to protect the public health and public safety.

Nandito 'yung mga --- ang kausap namin dito 'yung mga scientists, 'yung mga persons who have been there for quite a time and who are considered expertise in their fields. Eh itong mga ganito kailangan mga doktor ang kausap natin dito.

But if you --- medyo pilosopo ka nang kaunti, hindi ka naman namin maano basta ang sinabi ko, inuutusan ko 'yung mga barangay captain na huwag kang palabasin ng bahay kung wala kang bakuna.

At saka kung hindi ka magpa --- 'yung bakuna na para sa iyo sa listahan, kung wala na, ibigay na sa mga tao sa lahat na. Huwag na maghintay kung sino pa, ibigay na doon sa may gustong magpabakuna. Eh maghintay kayo ng wala eh. Iyan ang istorya diyan.

I'd like to call si Nograles. Secretary Nograles, if you have something to report.

CABINET SECRETARY KARLO ALEXEI NOGRALES: Maayong gabii, Mr. President; Senator Bong Go; mga kasamahan natin sa Gabinete. Ituloy ko lang 'yung report natin sa mga accomplishments ng bawat cluster at ngayong gabi ay ire-report ko po 'yung accomplishments ng Human Development and Poverty Reduction cluster.

[Kung puwedeng ilabas 'yung sa slides ko po. If we can see the slides.]

So dito sa Human Development and Poverty Reduction cluster, ang head natin po dito ay ang Department of Science --- ah Department of Social Welfare and Development or DSWD, at ito 'yung iniulat ni Secretary Rolly Bautista. Kabilang din ng Human Development and Poverty Reduction cluster ang 37 departments, mga kagawaran at ahensya ng ating pamahalaan.

So, Mr. President, dito sa Cabinet cluster report, 'yung mga milestones na ini-report po nila 'yung tungkol sa human capital development, sa poverty reduction, enhancing the quality of life of every Filipino, at 'yung mga programs sa edukasyon, sa kalusugan, social protection, sa livelihood at capacity building.

So na-highlight dito sa ating accomplishments, mahal na Pangulo, ay 'yung more than 150,000 classrooms and school facilities na na-construct under your administration; more than 206,000 teachers na hired at trained.

Iyong improvements na ginawa natin sa K to 12 Program ng Department of Education, mahigit 2.2 million na mga kabataan na nais makapag-aral ng high school ay nabigyan ng financial assistance at tulong sa pamamagitan ng education service contracting at sa senior high school vouchers program.

Nandoon din po, ipinagpatuloy natin 'yung Alternative Learning System, 3.3 million na estudyante ang naka-benefit po diyan.

Iyong sa libreng higher and technical education, alinsunod sa batas na pinirmahan mo, Mr. President, 'yung Free Higher Education Law, 1.6 million na estudyante ang nakapag-enroll sa 219 state and local universities and colleges na libre ang matrikula; 1.3 million student beneficiaries naman po ang nabigyan ng student financial assistance program; at 9.7 million ang napa-graduate natin sa TESDA sa Technical Vocational Educational Courses.

Ang TESDA ay nagpapatuloy sa kanilang livelihood and skills training sa 500 poorest and far-flung barangays, at ang beneficiaries po niyan 'yung mga indigenous peoples, 4Ps beneficiaries, former rebels and [unclear] beneficiaries at iba pa.

At ipinagmamalaki rin po natin na sa ilalim ng inyong administration ay napirmahan po 'yung Universal Health Care Act na nagbibigay ng libreng health insurance sa ating mga kababayan. Lahat po ng Pilipino ay covered sa libreng health insurance na ito.

Sa pamamagitan ng pagsulong ni Senator Bong Go ay nagkaroon tayo ng mga Malasakit Centers - 127 Malasakit Centers po 'yan, nakapagserbisyo ng over 2 million beneficiaries.

PRESIDENT DUTERTE: Last to --- Sal, I almost --- I almost forgot you.

CHIEF PRESIDENTIAL LEGAL COUNSEL SALVADOR PANELO: Magandang gabi po, Ginoong Pangulo; Senator Christopher Bong Go; at sa lahat ng mga kasamahan natin sa Gabinete.

Gusto ko lang pong ibahagi sa inyo, Ginoong Pangulo, 'yung pakikipag-ugnayan ko po sa imbitasyon ni Mayor Shameem Mastura ng Sultan Kudarat.

Ako po ay pumunta sa Cotabato, Sultan Kudarat at nakapanayam po natin ang gobernador ng Maguindanao na si Mariam --- Mariam Mangudadatu pati po ang kanyang kabiyak na gobernador naman ng Sultan Kudarat na si Governor Teng Mangudadatu.

Doon naman po sa naging desisyon ng Korte Suprema sapagkat ito po'y umani, pinagpiyestahan ng mga kalaban po ninyo, mga detractors niyo, mga kritiko. Sapagka't kung matatandaan ninyo hindi po ba 'yung sa ICC, ang inyong naging posisyon doon ay talagang wala silang jurisdiction at kahit na nga mayroon, wala pa rin dahil 'yung Article 127 maliwanag na sinasabi kung nagsimula na ang

investigasyon ng hukuman kahit kumalas ka, puwede ka pa. Ang problema hindi naman nagsimula 'yung investigasyon sa hukuman, preliminary examination lamang.

Ngayon nag-file, kung matatandaan niyo po, nag-file sila sa Korte Suprema kung saan eh iyong pagkalas niyo ay gusto nilang ipagbalewala sapagkat iyon daw ay labag sa Saligang Batas.

Ang desisyon po ng Korte Suprema, at unanimous, na kayo bilang Presidente eh as chief architect of foreign policy, mayroon kayong kapangyarihan, karapatan na unilaterally --- unilaterally eh puwede niyo pong ipawalang-bisa ang tratado 'pag ito ay labag sa Saligang Batas.

At ang perception niyo ang masusunod doon. Kung sa tingin niyo ito ay lumabag eh talagang mayroon po kayong kapangyarihan doon, at 'yun ay naaayon sa Saligang Batas.

So maganda ho sana, maganda 'yung mga diskusyon, ang problema sa bandang huli eh medyo 'yun ang ginagamit ngayon kasi ang sabi po ng parang obiter dictum --- pero sa kanila hindi obiter dictum 'yun, kumbaga 'yung obiter dictum eh pahaging na salita lang 'yun. Pero sa kanila ginagamit po nila na obligado pa rin itong ating bansa, ang ating gobyerno na makipag-tulungan sa investigasyon sa inyo.

Eh sabi ko, eh mawalang-galang na po sa Korte Suprema, eh kaganda-ganda ng premise mo eh kung 'yun ang magiging conclusion mo eh mukhang taliwas, walang lohika. Mawalang-galang na po sa kanila.

Sapagkat eh kung sinasabi po nila na kayo ay may kapangyarihan at tama ang ginawa ninyong pagkalas sapagkat ito ay labag sa Saligang Batas, eh bakit naman obligahin kayo o ang gobyerno na makipagtulungan sa paglabag sa Saligang Batas? Hindi po ba?

Aba eh masyado namang inconsistent, repugnant 'yung desisyon nila sasabihin mong... Eh 'pag miyembro ka, natural lamang susundin mo 'yung mga provisions. Pero kung hindi ka na miyembro, bakit naman pipilitin kang sumunod?

Lalo pa nga sinasabi ng Korte Suprema eh na tama ang ginawa mo. All right. Sabi pa naman ho doon sa desisyon, ang nagiging batayan nila doon sa obligado daw tayo na makipagtulungan eh iyon pong Article 127, paulit-ulit.

Eh sabi ko nga po doon sa isang Justice, eh mukhang hindi niyo masyadong nabasa, mawalang-galang na, 'yung Article 127.

Sapagkat sinasabi doon hindi ka makakakalas sa obligasyon mo kung nasimulan na 'yung paglilitis ng hukuman. Eh hindi naman po naumpisahan 'yung paglilitis, ang naumpisahan 'yung preliminary examination to determine kung mayroon silang jurisdiction o wala. Hindi pa nag-a-assume jurisdiction.

Iyon lamang po, Ginoong Pangulo.

PRESIDENT DUTERTE: Brilliant, Senator, kung ganoon. Ah sayang ka kung nandiyan ka sa tabi-tabi. Mapakinabangan 'yung utak mo sa Pilipino.

Sal, mayroon lang akong itanong sa iyo. Wala akong kopya hanggang ngayon sa Rome Statute or statute --- statute, whatever. Wala akong kopya. I do not know what I committed whether it's a crime, a wrong or something. I don't know.

Walang kopya ang executive department kasi nga ang nangyari galing sa Congress, ni-ratify ng Congress, instead of returning the treaty as ratified by Congress dito sa executive department ni Estrada at that time, hindi na nila --- shinort (short) circuit nila. Dumiretso na kaagad sila sa Rome and appended the Philippine participation.

So...

SEC. PANELO: *[garbled]* paglabag --- paglabag sa Saligang Batas, gaya ng sinabi niyo, may due process clause. Eh under the due process clause kailangan malaman mo kung ano 'yung nilalabag mong batas at kailangan bago ka maoblig ay dapat nakalathala. Otherwise, eh papaano mo malalaman eh hindi naman nila nilathala?

PRESIDENT DUTERTE: Not only that, ibalik sana nila sa --- kay Estrada noon, then Estrada should have issued an order for the printing of the Rome Statute Treaty sa Bureau of Printing. Then, hang --- that would be the operative act of which it will be become a law because 'yun ang --- it puts everybody on notice na may batas na ganoon na sundin ninyo. Eh hindi dumaan dito sa ano...

So sabi ng ka --- sabi nga ni Tuvera vs. Enrile... *[Iyon ba 'yun?]* Kung hindi mo ipinublish (publish) sa Official Gazette, paano malaman ng Pilipino, paano malaman ko na mayroon palang batas na ganoon?

So sabi ng Supreme Court, 'pag walang publication, it's fatal, especially if it is a punitive document, may penalties. Iyon ang lumabas eh. Walang --- walang publication. 'Pag walang publication, walang jurisdiction. Kaya nagtataka ako dito sa mga --- mga bright dito sa gobyerno. I'm not referring to anybody in particular, basta na 'yang mga opinyon.

Pati ito si Carpio, si Carpio, justice ka man. Sige daw, kindly elucidate the matter before the Filipino public. Walang recorded publication. In Enrile vs. Tuvera, sabi ng Supreme Court, the absence of a publication sa Official Gazette is always fatal.

Yes, Secretary Roque?

SEC. ROQUE: Sir, dadagdagan ko lang. Dito sa desisyon ng Supreme Court na inilabas lang noong kailan, ito pong Pangilinan 'no vs Alan Cayetano, et al, iyong argumento niyo po na hindi pinublish, kinilala po ng Supreme Court natin. Dahil ang sabi po ng Supreme Court, isa sa basehan na pupuwedeng ma-invoke ng

presidente in withdrawing from a treaty is that it is patently unconstitutional. Until this decision came out po, you could actually argue that a state cannot invoke a violation of its domestic law in order to evade its international obligations.

But this latest case spelled out that the unconstitutionality of a treaty is a valid ground for termination. And we thank the Supreme Court for that clarification because this now precisely validates what you have been saying that the --- in the absence of application pursuant to Tañada vs Tuvera, it is therefore unconstitutional.

PRESIDENT DUTERTE: Kasi lumalabas nito na mga --- hindi naman ako pinaka-bright na abugado, my withdrawal is construed as the publication na nabasa ko kasi nag-withdraw ako. I never... Sinabi ko lang doon sa staff sa Malacañang, i-withdraw ninyo 'yan, hindi ko nabasa 'yan. I've never read that document. And so wala talaga akong alam kung ano 'yang demonyo na 'yan. Wala akong notice, wala lahat.

Now, you want me prosecuted for so... Ang winithdraw (withdraw) ko was nothing really. It was an empty gesture of me. Wala kasi there was nothing to withdraw in the first place.

Ginawa ko lang 'yun just to impress upon everybody that wala talagang batas, winithdraw ko. I was really withdrawing nothing because until it is established that there was publication, then it becomes a law.

May certification ako sa Bureau of Printing at dito sa archives dito sa atin sa Malacañang, wala talaga. So 'pag wala talaga, paano mo ako... Why do --- why would you bind me on something na which I did not know?

Iyan ang tanda --- iyan ang tandaan ni Carpio, justice man siya. Iyan ang tandaan nila na if they can solve that riddle, well, ready ako, ready ako to ignore. Ready ako to ignore.

Bakit --- bakit ako haharap ng husgado na puro puti ang mga p***** i** niya? Kung ako'y magpalitis, anong kasalanan ko, it will be before a Philippine court and before a Filipino judge na kung sabihin niya na ako na death penalty, so be it, tanggapin ko.

Pero huwag mo ako bigyan ng mga puti na 'yan. Atonement for their sins 'yan nila eh. Sila 'yan sa colonial days ilang pinatay nila kinalimutan ng mga p***** i**. Kaya...

In the colonial days, France pati itong Britain, Netherlands, how many natives did they massacre in Africa to conquer it, to colonize it? In the Philippines, how many Filipinos died fighting the Spaniards, fighting the coloni --- colonization? And it was Lapu-Lapu who spearheaded it. Eh ilan ang napatay ninyo? Hindi niyo binibilang.

Now there are many violations of human rights everywhere eh, hindi ninyo iniintindi kasi nakikinig kayo sa pulitika dito. Na-politicize 'yan eh. Trabaho ng dilawan 'yan.

Kung ako ang makulong sa --- magdala ako ng mga limang dilawan, sabihin ko sa iyo. Magpakulong ako, magdala ako ng dalawang dilawan, mamili ako sa kanila. Ano --- bakit...? Paano ko kayo dalhin? Iyan ang problema ninyo.

So wala naman tayong... Ah si Secretary Roque?

SEC. ROQUE: Sir, a piece of good news naman po bago tayo magtapos 'no. Ito po 'yung kaso na sinabi ko the last time, kinausap ko lang po si Commissioner Jagger.

At alam ko po 'tong kasong 'to since four years ago, ang naging whistleblower po dito sa kasong 'to isang mamamahayag 'no, si Lourdes Delos Reyes ng isang local news paper sa Batangas.

Ito po 'yung kaso na Commission of Internal Revenue vs Court of Tax Appeals, Bureau of Customs vs Pilipinas Shell. Mayroon pong memo kayong natanggap dito, 2012 pa po ay kinokolektahan natin ng excise tax ang Shell kasi ang inangkat po nila ay alkylate. Ang sabi nila ang alkylate hindi daw unleaded gas. Pero kung titingnan niyo ang dictionary, alkylate refers to unleaded gas.

2012 pa po sila kinokolektahan pero nagpunta po sila sa CTA at nagkaroon po ng desisyon ang CTA, as of 2012, na nagsasabi na kinakailangan i-suspend muna 'yung koleksyon kaya po nagpunta ng Korte Suprema ang ating Commission of Internal Revenue at ang Bureau of Customs.

Well, after all these years po, nakarating po sa Supreme Court ito, at 2014 pa po nag-issue ng TRO ang Supreme Court na huwag kolektahin 'yung excise taxes na kinokolekta natin.

Sa wakas po nagkaroon ng desisyon, na-dissolve na po 'yung TRO. Bagama't rine-remand po ulit sa CTA kung mag-i-issue ulit ng panibagong suspension. Pero ang desisyon po nila Commissioner Jagger ay kolektahin. Ang halagang makokolekta na po natin is the biggest in our history, 41 billion pesos.

PRESIDENT DUTERTE: Wow.

SEC. ROQUE: So credit goes po, of course, to Commissioner Jagger, to Solicitor General Calida, at 'yung mga kasama po niyang ASG kasi nga po sinubaybayan na rin natin 'tong kasong ito, si Assistant Solicitor Thomas Laragan po na hinawakan itong kasong ito ng 12 years at 'yung Assistant Solicitor Sardillo-Salom, at siyempre po 'yung naging whistleblower na si Lourdes Delos Reyes po na isang mamamahayag sa Batangas. So 41-billion win for the government po.

PRESIDENT DUTERTE: Marami tayong maibigay sa mga tao niyan.

So nasabi naman natin lahat, good or bad sa taingang nakikinig. Iyan ang ating presentation ngayong gabing ito.

Salamat. *[applause]*

--- END ---